Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

BAGONG PILIPINAS

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*
*sbobulalacaoormin@gmail.com/09988546853*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-LABING-DALAWANG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-11 NG NOBYEMBRE 2025 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. German S. Acosta | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Moses M. Osorio, Sr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Joejie R. Narciso | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Romeo O. Fallaria | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Roger M. Evangelio, Sr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jerus Jade B. Reyes | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Nestor L. Eguillon | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |
| Kgg. Aceron U. Calinog, Jr. | IPM Representative |
| Kgg. Francis Dave C. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO: WALA**

x-------------------------------------------------------------------------------

## KAUTUSAN BILANG 25-11-429

**ORDINANSA NA NAG-UUTOS NG SAPILITANG PAGLIKAS NG MGA RESIDENTE SA MGA ITINURING NA MAPANGANIB AT PELIGROSONG LUGAR SA BAYAN NG BULALACAO TUWING MAY SAKUNA AT EMERHENSIYA, NAGTATAKDA NG MGA PANUNTUNAN PARA SA PAGPAPATUPAD NITO, AT PARA SA IBA PANG LAYUNIN**

May-Akda:
**Sangguniang Bayan Member MOSES M. OSORIO, SR.**
Chairperson, Committee on Public Order, Public Safety, Dangerous Drugs and Public Utilities and Facilities

Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member ROMEO O. FALLARIA**
Chairperson, Committee on Rules, Privileges, Ordinances, and Legal Matters

**SAPAGKAT**, ang lokal na pamahalaan ay may pangunahing responsibilidad na protektahan ang buhay at kaligtasan ng mga mamamayan nito, lalo na sa panahon ng mga sakuna at kalamidad;

**SAPAGKAT**, ang Batas Republika Bilang 10121, o ang "Philippine Disaster Risk Reduction and Management Act of 2010," ay nagbibigay diin sa kahalagahan ng paghahanda at pagtugon sa kalamidad upang mabawasan ang mga pinsala at pagkawala ng buhay;

KGG. FRANCIS DAVE C. CANTOS
KGG. ROMEO O. FALLARIA
KGG. ACERON U. CALINOG, JR.
KGG. JOEJIE R. NARCISO
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. RAMON G. MAGBANUA
KGG. NESTOR L. EGUILLON
KGG. MOSES M. OSORIO, SR.
KGG. JERUS JADE B. REYES
KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.
KGG. ROGER M. EVANGELIO, SR
KGG. GERMAN S. ACOSTA

**SAPAGKAT**, may mga lugar sa hurisdiksyon ng Bulalacao na itinuturing na "danger zones" o "high-risk areas" dahil sa banta ng baha, storm surge, landslide, o iba pang natural na panganib;

**SAPAGKAT**, ang sapilitang paglikas ay isang kinakailangang hakbang upang masiguro ang kaligtasan ng mga residenteng naninirahan sa mga nabanggit na lugar kapag may paparating o nagaganap nang sakuna;

**DAHIL DITO, IPINAPASYA** ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro, sa ginanap na regular na sesyon, na:

**SEKSYON 1. PAMAGAT.** Ang ordinansang ito ay makikilala bilang **"Ordinansa sa Sapilitang Paglikas ng Bayan ng Bulalacao."**

**SEKSYON 2. PAGHAYAG NG PATAKARAN.** Ipinahahayag dito na layunin ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao na protektahan ang buhay, kaligtasan, at kapakanan ng mga mamamayan laban sa masamang epekto ng mga natural at gawang-taong sakuna. Alinsunod sa patakarang ito, ang pamahalaang bayan ay magpapatupad ng mga hakbang para sa maagap at maayos na paglikas, kabilang ang sapilitang paglikas kung kinakailangan, upang mabawasan ang panganib at bilang ng mga biktima.

**SEKSYON 3. KAHULUGAN NG MGA TERMINO.** Para sa layunin ng ordinansang ito, ang mga sumusunod na termino ay binibigyang kahulugan bilang:

a. **Sapilitang Paglikas -** Ang obligadong paglipat ng mga residente mula sa mga lugar na itinuturing na mapanganib patungo sa ligtas na lugar, alinsunod sa kautusan ng Pamahalaang Bayan sa panahon ng sakuna o emerhensiya.

b. **Mataas na Panganib / Hazard-Prone na Lugar** – Mga lugar na kinikilala ng MDRRMO, PHIVOLCS, PAGASA, DENR, DENR – MGB at iba pang kinauukulang ahensya bilang madaling tamaan ng baha, landslide, storm surge, pagsabog ng bulkan, lindol, o iba pang panganib.

**SEKSYON 4. SAKLAW.** Ang ordinansang ito ay sumasaklaw sa lahat ng residente at pansamantalang naninirahan sa nasasakupan ng Bayan ng Bulalacao na matatagpuan sa mga lugar na may mataas na panganib sa panahon ng banta o aktuwal na sakuna.

**SEKSYON 5. AWTORIDAD SA PAG-UUTOS NG SAPILITANG PAGLIKAS.** Ang kapangyarihang magdeklara at magpatupad ng sapilitang paglikas ay nasa Punong Bayan (Mayor) bilang Tagapangulo ng (MDRRMC) Municipal Disaster Risk Reduction and Management Council sa rekomendasyon ng MDRRMO at sa pakikipag-ugnayan sa kinauukulang Sangguniang Barangay.

KGG. GERMAN [illegible] ACOSTA
KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.
KGG. MOSES M. OSORIO, SR.
KGG. RAMON G. MAGBANUA
KGG. [illegible]EJIE R. NARCISO
KGG. [illegible]MEO [illegible] FALLARA
PERLITA L. PAZ
KGG. L[illegible] M. CABAGAY
KGG. ROGER M. EVANGELIO, SR
KGG. JERIS JADE B. REYES
KGG. NESTOR L. EGUILLON
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. ACERON U. CALINOG, JR.
KGG. FRANCIS DAVE [illegible] CANTOS

**SEKSYON 6. PAGPAPATUPAD.**

1. Bibigyan muna ng paunawa ang mga residente upang boluntaryong lumikas bago isagawa ang sapilitang paglikas;
2. Isasagawa lamang ang sapilitang paglikas kung may tahasan at napipintong panganib sa buhay batay sa pagsusuri ng mga kinauukulang ahensya;
3. Ang PNP, BFP, MDRRMO, PCG, at mga opisyal ng barangay ang tutulong sa maayos na pagsasagawa ng paglikas;
4. Ang mga may kapansanan (PWDs), matatanda, mga bata, buntis, at may sakit ay bibigyan ng prayoridad sa paglikas.

**SEKSYON 7. PAGTANGGI SA PAGLIKAS.** Ang sinumang tatangging sumunod sa Kautusan ng sapilitang paglikas ay:

a. Hihikayatin at tutulungan na umalis sa mapanganib na lugar para sa kanilang kaligtasan;
b. Kapag patuloy pa rin ang pagtanggi, ang nasabing tao ay maaaring sapilitang ilikas mula sa mapanganib na lugar ng mga awtoridad, alinsunod sa umiiral na batas.

**SEKSYON 8. MGA IPINAGBABAWAL NA GAWAIN.** Ang mga sumusunod na gawain ay ipinagbabawal sa panahon ng sapilitang paglikas:

a. Pagtanggi sa paglikas matapos makatanggap ng paunawa;
b. Pagharang o paghadlang sa mga awtoridad habang nagsasagawa ng paglikas;
c. Pagbabalik sa inilikas na lugar nang walang pahintulot mula sa mga awtoridad.

**SEKSYON 9. MGA PARUSA.** Ang sinumang lalabag sa Ordinansang ito ay papatawan ng mga sumusunod na parusa:

| | |
|---|---|
| Unang Paglabag | - Isang libong piso (PhP1,000.00) |
| Ikalawang Paglabag | - Dalawang libong piso (PhP2,000.00) |
| Ikatlong Paglabag | - Pagmulta ng halagang hindi bababa sa dalawang libo at limang daang piso (PhP2,500.00) at pagkakakulong na nasa pagpapasya ng Korte na nakabase sa Republic Act No. 7160 |

**SEKSYON 10. PONDO.** Ang pondong kailangan para sa pagpapatupad ng ordinansang ito ay manggagaling sa MDRRM Fund o iba pang pondong pwedeng gamitin ng pamahalaang bayan, alinsunod sa karaniwang tuntunin ng pamahalaan sa accounting at auditing.

**SEKSYON 11. SUGNAY SA PAGHIHIWALAY.** Kung ang anumang probisyon ay ipinahayag na walang bisa, ang iba pang probisyon ay mananatiling may bisa at epekto.

**Seksyon 12. SUGNAY SA PAGPAPAWALANG BISA.** Ang anumang ordinansa, resolusyon, at *executive order* na hindi naaayon sa probisyon ng ordinansang ito ay pinawawalang-bisa o binabago nang naaayon.

PERLITA L. PAZ
KGG. FRANCIS DAVE C. CANTOS
KGG. ROMEO O. SALVARIA
KGG. ACERON U. CALINOG, JR.
KGG. ROEJIE R. NARCISO
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. RAMONITO AGBANUA
KGG. NESTOR L. EGUILLON
KGG. MOSES M. OSORIO, SR.
KGG. JERUS JADE B. REYES
KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.
KGG. ROGER M. EVANGELIO, SR.
KGG. GERMAN ... ACOSTA
KGG. LUNLITO M. CABAGAY

**Seksyon 13. BISA.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa labinlimang (15) araw matapos maipaskil ang napagtibay na sipi sa mga hayag na lugar sa bawat bulwagang pambarangay at sa bulwagang pambayan.

**ISINABATAS** ngayong ika-11 ng Nobyembre 2025 sa Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. GUILLERMO G. SALAS,JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. MOSES M. OSORIO, SR**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JOEJIE R. NARCISO**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ROMEO D. FALLARIA**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. ROGER M. EVANGELIO,SR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JERUS JADE B. REYES**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. NESTOR L. EGUILLON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. ACERON U. CALINOG, JR.**
IPM-Representative

**KGG. FRANCIS DAVE C. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Pangalawang Punong Bayan/
Regular na Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**KGG. LUMELITO M. CABAGAY**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Dec. 17, 2025

25/12/2/PLP/adm/jpc